

Kung sobra na ang iyong pagsusugal, o pakiramdam mo'y hindi na ito laro, pag-isipan ang Voluntary Self-Exclusion program ng BCLC.

May makukuhang suporta sa

BCLC Customer Support
1-866-815-0222

Gambling Support Line (24/7 libre)
1-888-795-6111



VSE-B-04T

**ANG VOLUNTARY
SELF-EXCLUSION O
KUSANG-LOOB NA
PAGBUBUKOD NG SARILI**

TUNGKOL SA PROGRAMA

**ISANG MUNTING KILOS NA
MAARING HUMANTONG SA
MALAKING PAGBABAGO.**



Paano ito isinasagawa?

Ang voluntary self-exclusion ay maaring maging isang mahalagang unang hakbang upang matulungan kang makontrol ang iyong pagsusugal. Kapag ikaw ay nag-enrol, makakapili ka ng isang takdang panahon upang mag-self-exclude o huwag pumasok sa lahat ng facilities na may slot machines, commercial bingo halls, o PlayNow.com – nang 6 na buwan, 1 taon, 2 taon, o 3 taon.

Mayroong tatlong opsyon na maari mong pagpilian. Maari kang mag-sign up para sa isa, dalawa, o sa tatlong ito:

1) Mga gaming facilities na may slot machines. Kasama dito ang mga casinos, community gaming centres, at racetrack gaming floors na may slot machines.

2) Mga commercial bingo halls, community gaming centres at mga casino na mayroong bingo.

3) Pagsusugal sa PlayNow.com.

Tandaan: Kung ikaw ay nag-self-exclude mula sa isang gambling facility, hindi ka na rin maaring magsugal sa PlayNow.com sa panahon ng iyong exclusion. Kung mayroon kang kasalukuyang account sa PlayNow.com, ito ay awtomatikong isasara ng BCLC.

Alinsunod sa mga patakaran at batas, hindi ka kwalipikadong manalo ng mga premyo mula sa pagsusugal habang ikaw ay nasa Voluntary Self-Exclusion program. Bukod pa rito, hindi ka na makakatanggap ng direct marketing materials mula sa BCLC o sa mga gambling facility operators nito.

Paano ako mag-enrol?

Upang mag-self-exclude sa isang gaming facility, maari kang bumisita sa isang GameSense Info Centre at kausapin nang direkta ang isang GameSense Advisor, o sinumang staff sa casino, community gaming centre, o commercial bingo hall.

Upang malaman kung paano mag-self-exclude mula sa PlayNow.com, mag-login sa iyong account at i-access ang "Self-Exclusion" mula sa "My Account" section. Makikita mo sa screen kung ano ang susunod na gagawin.

Ano ang mangyayari kapag ako ay nag-enrol?

Maari ka ring tumawag sa customer support line ng BCLC sa 1-866-815-0222 para sa karagdagang impormasyon o para mag-iskedyul ng isang appointment sa mga head office ng BCLC sa Kamloops o Vancouver.

Kapag nag-self-exclude ka mula sa isang gaming facility, kakausapin ka ng isang miyembro ng security staff na sinanay upang mangasiwa sa mga kahilingan para sa self-exclusion.

Kapag may available na suporta, maari ring ibigay ito sa iyo ng mga GameSense Advisor. Sila ay trained professionals na nakakaunawa sa mahirap na desisyon na ginagawa mo at susuportahan ka nila sa anumang paraan na kaya nila.

Hihilingin ka nilang magpakita ng ID na inisyu ng pamahalaan na mayroong pirma at litrato mo. Hihilingin ka ring pirmahan ang Voluntary Self-Exclusion agreement at kukunan ka ng litrato.

Ano ang susunod na mangyayari?

Pagkatapos mong pirmahan ang iyong mga pormularyo, magsisimula kaagad ang iyong self-exclusion para sa katagalan ng panahon na iyong pinili, at hindi ito maaring baguhin.

Para sa Encore Reward members, ang iyong account ay isasara at ang anumang points na naipon mo ay posibleng mapapalitan ng pera.

Matapos na sumali ka, ang ibinigay mong impormasyon ay ibabahagi sa mga security office ng naaangkop na gambling facilities upang matulungan kang tuparin ang iyong pangako.

Kapag nag-enrol ka, magkakaroon ka rin ng pagkakataong sumang-ayon na kontakin ka ng isang gambling support professional nang walang bayad. Napapansin namin na mas nagtatagumpay ang mga tao na muling mapamahalaan o makontrol ang kanilang pagsusugal kapag humingi sila ng suporta o lumahok sila sa counselling habang sila'y self-excluded.

Responsibilidad ba ng BCLC na siguraduhing hindi ako papasok sa mga gambling facility oras na pinirmahan ko ang VSE agreement?

Sa anumang oras habang enrolled ka, maari kang tumawag nang libre sa Gambling Support Line sa 1-888-795-6111 para sa kompidensyal na suporta.

Ikaw ang may responsibilidad na tuparin ang iyong self-exclusion o pagbubukod ng sarili. Sa pagpirma mo sa Voluntary Self-Exclusion agreement, tinatanggap mo ang responsibilidad para sa iyong pagsusugal. Narito ang BCLC upang tulungan ka at hinihikayat ka naming kumuha ng suportang magagamit mo mula sa BC Responsible and Problem Gambling Program. May iba't ibang mapapakinabangang resources kapag tumawag ka sa Gambling Support Line sa 1-888-795-6111.

Ano ang mangyayari kung nilabag ko ang aking pangako?

May mga hakbang ang BCLC upang tukuyin kung sino ang lumalabag sa kanilang pangako. Kapag ikaw ay natukoy na pumasok sa isang gambling facility sa panahon ng iyong self-exclusion, palalabasin ka ng security staff sa building. Alinsunod sa Gaming Control Act, maari ka ring maisakdal sa isang pagkakasala at multahan nang hanggang \$5,000.